SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 08, 2024, LUNES, IKA-09:40 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | Kagawad- nasa bakasyon |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | Kagawad – may karamdaman |

RECORDED By: Date: 09 AUG 2024 Sangguniang Bayan Office Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME: DATE: 08.09.24 TIME: STA. CRUZ, LAGUNA

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 18-T2024**

**KAUTUSANG IPINAGKAKALOOB ANG DEVELOPMENT PERMIT SA VILLA ROSALINA HOMES 2 VILLA ROSALINA REALTY AND DEVELOPMENT CORP. UPANG MAPAUNLAD BILANG ISANG SUBDIBISYON NA MAY SUKAT NA 4500 METRO KUWADRADO NA NASA BARANGAY LABUIN, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, iniliwat sa sangguniang ito ang kahilingan ng Villa Rosalina Realty and Development Corp. na mapagkalooban ng development permit upang mapaunlad bilang isang subdibisyon ang Villa Rosalina Homes 2 na may sukat na 4500 metro kuwadrado na matatagpuan sa Barangay Labuin ng bayang ito;

**SAPAGKAT**, ito ay iniliwat at tinalakay sa Lupon sa Pabahay at Paggamit ng Lupa ng sangguniang ito;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malamang sapat ang mga papeles at dokumentong kinakailangan para sa naturang kahilingan ay ipinanukala ng Tagapamuno ng naturang lupon na irekomenda ang pagpapatibay nito;

**SAPAGKAT**, may isinagawang ocular inspection ang lupon sa naturang lupa.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Lucena R. Odejar (Tagapamuno ng Lupon sa Pabahay at Paggamit ng Lupa), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino at Kgg. Lea A. Almarvez, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na:

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – Pagkalooban ng Development Permit ang Villa Rosalina Homes 2 – Villa Rosalina Realty and Development Corp. upang mapaunlad bilang isang subdibisyon na may sukat na 4500 metro kuwadrado na nasa Brgy. Labuin, Santa Cruz, Laguna.

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Inhinyero, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Pinuno sa Paglilinsensya, Pambayang Tagatasa, Villa Rosalina Realty and Development Corp., at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 08, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR. Kagawad

KGG. NORMAN T. TOLENTINO Kagawad

KGG. LEA A. ALMARVEZ Kagawad

KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN Kagawad

KGG. LUCENA R. ODEJAR Kagawad

KGG. LAURA P. OBLIGACION ABC Federation President

KGG. MARK ANTHONY M. JUANGCO SK Federation President

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad

**KGG. LEA A. ALMARVEZ**
Kagawad

**KGG. NORMAN T. TOLENTINO**
Kagawad

**KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.**
Kagawad

**KGG. LUCENA R. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. MARK ANTHONY M. JUANGCO**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

8/8/24 381